# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER
Science City of Muñoz, Nueva Ecija



## Lakbay-tagumpay sa *Carapreneurship*

ISSN 2507-8933
Tomo 7, Blg. 3 | 2022
Pangatlong Isyu

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED:ISO 9001 | ISO 14001 | ISO 45001

# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER

**Tomo 7, Blg. 3 | 2022**
Pangatlong Isyu

PATNUGUTAN

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA GALANG-BUMANLAG
**Tagapamahalang Patnugot** MA. CECILIA IRANG-MARIANO
**Manunulat** MA. CECILIA IRANG-MARIANO, DINE YVE D. DAGANOS, RONALINE C. CANUTE
**Layout at Ilustrasyon** DINE YVE D. DAGANOS
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** DINE YVE D. DAGANOS, RHEA MAE B. RUBA
**Tagapayo** LIZA G. BATTAD

Ang **Karbaw** ay isang magasin na inilalathala ng Knowledge Management Division (KMD) ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, apat na beses sa isang taon. Layon ng **Karbaw** magasin na iparating sa mga mambabasa nito ang iba't ibang kwento ukol sa mga tao, pangyayari, at iba pa na may kinalaman sa umiigting at lumalagong industriya ng kalabaw sa bansa.

Ang reproduksiyon ng alin mang artikulo mula sa pahayagang ito ay hinihimok nang may wastong pagkilala sa may akda o sa **Karbaw** magasin. Gayundin, tinatanggap ng patnugutan ang anumang komento at suhestiyon tungkol sa mga nailimbag na artikulo. Ipadala ang inyong mga kuru-kuro sa kmd@pcc.gov.ph.

**DA-PCC NATIONAL HEADQUARTERS AND GENE POOL** •Science City of Muñoz, Nueva Ecija•Telephone No.: (+63) (044) 456.0734•Email: oed@pcc.gov.ph **REGIONAL CENTERS: DA-PCC AT MARIANO MARCOS STATE UNIVERSITY** Batac City, Ilocos Norte•(+63) (077) 792.3187 •(+63) 927.965.5724 •Email: pccmmsu@gmail.com **DA-PCC AT CAGAYAN STATE UNIVERSITY** Tuguegarao City, Cagayan •Telephone No.: (+63) (078) 377.9315 •Email: pccpiat07@yahoo.com**DA-PCC AT DON MARIANO MARCOS MEMORIAL STATE UNIVERSITY** Rosario, La Union •Mobile No.: (+63) 920.982.9666 •Email: pccdmmmsu2020@gmail.com **DA-PCC AT CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY** Science City of Muñoz, Nueva Ecija •Telephone No.: (+63) (044) 940 3061•Mobile No.: (+63) 968.853.5754 •Email: pccclsu@gmail.com **DA-PCC AT UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES AT LOS BAÑOS** Los Baños, Laguna •Telephone No.: (+63) (049) 536.2729 •Mobile No.: (+63) 908.811.2841 •Email: pccuplb@gmail.com **DA-PCC AT VISAYAS STATE UNIVERSITY** Baybay City, Leyte •Telephone No.: (+63)(053) 563.7649 •Mobile No.: (+63) 917.145.4772 | (+63) 908.895.2461 •Email: pccvsu@gmail.com **DA-PCC AT WEST VISAYAS STATE UNIVERSITY** Calinog, Iloilo •Telephone No.: (+63) (033) 323.4781 •Mobile No.: (+63) 999.991.6115 •(+63) 928.945.7760 •Email: pccwvsu@yahoo.com **DA-PCC AT LA CARLOTA STOCK FARM** La Granja, La Carlota City, Negros Occidental •Mobile No.: (+63) 919.006.8392 •Email: pcclcsf@yahoo.com **DA-PCC AT UBAY STOCK FARM** Ubay, Bohol •Mobile No.: (+63) 997.111.7680 |(+63) 945.119.3998 •Email: pccusf.ubay@yahoo.com **DA-PCC AT MINDANAO LIVESTOCK PRODUCTION CENTER** Kalawit, Zamboanga del Norte •Mobile No.: (+63) 912.784.4668| (+63) 906.726.0979 •Email: pcc_mlpc09@yahoo.com **DA-PCC AT CENTRAL MINDANAO UNIVERSITY** Maramag, Bukidnon •Mobile No.: (+63) 939.916.9719 | (+63) 966.645.6292 •Email: pccmusuan@yahoo.com **DA-PCC AT UNIVERSITY OF SOUTHERN MINDANAO** Kabacan, North Cotabato •Mobile No.: (+63) 919.397.0872 | (+63) 920.621.9722 •Email: usm_pcc@yahoo.com

# MGA NILALAMAN


**3** Ano'ng kwentong biyaya mo?

**8** Sangkap ng matatag na pamilya

**12** Gulong ng kapalaran ng NEFEDCCO

**14** Bayanihan ng isang pamilya sa Cadiz City

**18** Sipag at tiyaga ng batang carapreneur




## PALIWANAG SA PABALAT

Itinuturing ni Rolly Mateo Sr., isang matagumpay na magkakalabaw sa Asingan Pangasinan, na galing sa Diyos ang lahat ng mga pagpapalang kanyang natatanggap kung kaya't para sa kanya ay nararapat lamang itong ibahagi sa mga nangangailangan. "Biyaya mula sa Diyos" kung tingnan niya ang nasumpungang kabuhayan sa pag-aalaga ng kalabaw at dahil dito'y nais din niyang magsilbing biyaya para sa iba.

(LARAWANG KUHA NI **ROWENA GALANG-BUMANLAG**)



LARAWANG KUHA NI **DINE YVE DAGANOS**

# Ano'ng kwentong *biyaya* mo?

NI **MA. CECILIA IRANG-MARIANO**

Hindi madadala ninuman sa kabilang buhay ang kayamanan; simulan ang pagtulong sa kapwa hangga't may pagkakataon dahil walang susunod at magpapatuloy kung walang magsisimula.

Ganito ang kaisipan ng isang progresibong magkakalabaw sa Asingan, Pangasinan kung kaya't bukal sa puso niyang ibinabahagi sa iba at hindi sinasarili ang mga pagpapalang kanyang natatanggap.

Siya si Rolly Mateo Sr., 51, na nararanasang kumita ng halagang hindi lamang four-digit at five-digit kundi hanggang six-digit o PHP100,000 sa pagbebenta ng gatas ng kalabaw kada buwan. Naniniwala siyang Diyos ang kumikilos para makamit niya ang ganitong pagpapala sa pag-aalaga ng kalabaw.

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA



“Hindi po ako naghahangad ng kapalit sa ginagawa kong pagtulong sa kapwa pero talagang magaling ang Panginoon dahil alam Niya kung paano Niya ibabalik ang pagpapala.”

**ROLLY MATEO SR.**
Carapreneur
Asingan, Pangasinan

LARAWANG KUHA NI **ROWENA BUMANLAG**



Nang bisitahin namin siya sa kanilang lugar para kapanayamin, dumating si Rolly gamit ang isang magarang sasakyan na kulay kahel. Pagbaba niya, kapansin-pansin ang kanyang simpleng kasuotan–maong na pantalon, polo shirt, at tsinelas. Sinalubong niya kami ng matamis na ngiti at binati nang may pagyuko pa. Bakas sa kanyang personalidad ang pagiging simple, magalang, at mapagpakumbaba sa kabila ng tinatamasang tagumpay.

Ang minamaneho niyang top-of-the-line crossover ay isa sa mga naipundar niya dahil sa paggagatas. Pero ayon kay Rolly, hindi lang sa pamilya iginugugol lahat ng kinikita bagkus ay ipinamamahagi niya rin ito sa mga kapos-palad sa kanilang komunidad.

"Hindi ko po ipinopost sa Facebook pero kami ng pamilya ko, nag-iikot sa lugar namin para maghanap ng mga karapat-dapat na matulungan. Nagbibigay kami ng isang kaban ng bigas o panggastos nila. Ang tanong nga sa'kin ng iba, marami na raw ba akong pera at bakit ako nagpapamigay? Ang sagot ko lang, tumulong po tayo habang nabubuhay pa tayo at i-share ang blessings na ibinibigay ng Panginoon," kwento ni Rolly.

Dagdag niya: "Kahit na ganoon po kalaki 'yong kinikita ko, hindi ako nagpapasilaw sa pera. Ang gusto ko lang na balang araw, wala nang maghihirap dito sa lugar namin. Iyon ang isa sa mga hangarin ko sa buhay."

Isa si Rolly sa napahiraman ng isang buntis na gatasang kalabaw ng DA-Philippine Carabao Center sa Don Mariano Marcos Memorial State University (DA-PCC sa DMMMSU) noong 2007, na itinuturing niyang hudyat sa pagbabago ng kanilang buhay.

> **Batay sa Family Income and Expenditure Survey ng Philippine Statistics Authority noong 2021, naitala na 18.1% ng populasyon sa bansa o 19.99 milyong indibidwal ang namumuhay sa labis na kahirapan. Kaya naman para kay Rolly, hindi dapat mag-alinlangan ang sinuman na magsimulang tumulong kahit sa maliliit na bagay dahil kapag nasundan ito ng marami pang tulong mula sa iba ay malaki ang magiging katumbas at epekto nito kapag pinagsama-sama.**

Hindi nagtagal, nabigyan ulit siya ng isa pang kalabaw dahil sa sigasig niya sa pag-aalaga. Mula sa dalawa, naparami na niya ito sa tulong ng kanyang pamilya, teknolohiya, at wastong pag-aalaga at pamamaraan sa pagpapalahi.

Para makatulong pa sa iba, ipinapaalaga ni Rolly ang mga bulo sa walong magsasaka sa kanilang lugar. Pagkatapos ng isang taon, ibabalik na ito sa kanya para palahian at binabayaran naman niya ng PHP12,000 hanggang PHP15,000 ang tagapag-alaga.

"Ibinabalik ko lang po ang tiwala at pagmamalasakit sa'kin ng DA-PCC kasi hindi naman ito humingi ng kahit anong kapalit sa kabila ng mga naitulong nila sa akin kaya ibinabaling ko na lang sa kapwa ko ang pagtulong," saad ni Rolly.

**'Totoong may pera sa gatas'**

Dating nakikisaka ng 2,500 sq m na palay si Rolly kung saan kumikita lang siya ng PHP5,000 sa isang cropping season. Maliban sa pagsasaka, sinubukan din niya ang pamamasada at pagpapataba ng baboy para kumita ng pera nguni't hindi pa rin sumasapat sa kanilang pinansyal na pangangailangan.

Nang magkaroon na sila ng kalabaw, nasaksihan niya at ng kanyang pamilya ang magandang pagbabago sa kanilang buhay, dahilan para mahikayat din ang kanyang mga anak na magkaroon ng malasakit sa gawain.

Biniyayaan ng anim na anak sina Rolly at Gracia, 55. Ayon kay Rolly, itinuturing na ng mga anak niya na investment ang mga kalabaw. Sa katunayan, 14 na kalabaw ang naidagdag sa kanilang kawan dahil sa pinansyal na tulong ng kanilang panganay na si John Loui, 29, nagtatrabaho sa New Zealand habang apat naman ang naidagdag ng pangatlong anak nilang si Rolly Jr., 24, isang seaman.

"Sabi po nila sa'kin noon na mag-iipon sila para makabili kami ng mas maraming kalabaw kasi naranasan talaga nila na may kita sa gatas ng kalabaw. Naiiyak ako kasi tinupad talaga nila 'yong pangako nila," emosyonal na sabi ni Rolly habang pinagmamasdan ang mga naparami nilang kalabaw.

Malaking biyaya rin para kay Rolly na matiyak na may magpapatuloy ng kanilang gawain sa kalabawan matapos magpakita ng interes ang kanyang pangalawang anak na

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA




LARAWANG KUHA NI **ROWENA BUMANLAG**

**"Subukan nila para makita at mapatunayan nila na totoo ang sinasabi kong may pera sa gatas ng kalabaw. Mas lamang ka rito dahil sarili mo 'yong oras mo at talo nito ang kahit anong profession. Nasa iyo kung magkano ang gusto mong income, makakamit mo ito basta sipagan mo lang at tiyagaan."**




si James Anthony, 26, na siyang nagsisilbing tagapamahala sa kalabawan at katulong ni Rolly sa paggagatas ng mga kalabaw.

"Naisip ko po na kailangan may magtuloy kasi sayang 'yong kita eh hindi naman pabata 'yong Papa ko," ani Anthony.

Nang tanungin siya kung gusto pa niyang maghanap ng ibang trabaho, mariing sagot niya: "Diyan na po ako magtatagal kasi sigurado na at tuluy-tuloy ang kita diyan."

Nakatutulong din ni Rolly sa farm ang kanyang panlima at pang-anim na mga anak na kumukuha ng kursong veterinary medicine na sina Jade Carlo, 21 at Jeffry, 20. Maliban sa kanyang pamilya, may tatlo pa siyang katulong na inuupahan sa pag-aalaga ng mga kalabaw.

Ang kanyang pang-apat na si Yvette, 23, ay malapit nang makatapos sa kursong abogasya.

"Pinakamalaking reward ko po ngayon ay 'yong maitawid namin ang kanilang pag-aaral sa tulong ng kita sa gatas ng kalabaw," ani Rolly.

Taong 2019 nang bumulusok ang kita ni Rolly sa paggagatas hanggang 2021 dahil sa naibebentang 40 hanggang 50 litrong gatas araw-araw. Umabot sa PHP100,000 ang buwanang kita niya noon dahilan para makapagpundar pa sila ng motor, isang ektaryang lupa, at dalawang-palapag na bahay. Iniimpok at iniinvest niya ang malaking bahagi ng kita niya habang ipinamamahagi naman niya ang iba sa mga nangangailangan.

Dahil sa kita sa gatas, nagpapagawa na rin siya ng kulungan sa nabili nilang lupa.

Sa kasalukuyan, 70 ang kabuuang bilang ng inaalagaang kalabaw ng pamilya Mateo. Apat lang dito ang lalaki, 10 ang ginagatasan habang 12 ang buntis, na inaasahang manganganak sa Disyembre at mga susunod na buwan.

Nakakokolekta siya ngayon ng 30 litrong gatas araw-araw na binibili naman sa kanya ng Bantog Samahang Nayon Multipurpose Cooperative (BSNMPC) sa halagang PHP82 bawa't litro. Si Rolly ang chairperson mula 2010 ng BSNMPC na kung saan nagsisilbing pagpapala rin siya sa mga myembro at buong kooperatiba sa pag-unlad.

"Kasama ko ang kooperatiba sa pag-asenso. Sa katunayan, hindi ko po kinukuha 'yong honorarium ko sa koop para mapakinabangan pa ng iba," saad niya.

Inaasahan ni Rolly na makakamit niyang muli ang PHP100,000 buwanang kita sa darating na Disyembre dahil madadagdagan pa ang kanyang gagatasan.

"Katumbas po ng kita ng isang ektarya ang kita sa isang kalabaw na naggagatas na. 'Yong computation ko sa kikitain, mas malaki pa ang sa kalabaw dahil 10 months na tuluy-tuloy ang kita rito," ani Rolly.

Target ni Rolly na magkaroon ng 100 gatasang kalabaw sa hinaharap. Hindi malabong mangyari ito dahil sa taglay niyang dedikasyon, katulong ang pamilya, sa pag-aalaga.

**Bilang isa na nabago ang takbo ng buhay dahil sa kabutihan ng iba, ibinabalik ni Rolly ang pabor sa paggawa rin ng mabuti sa kapwa. Isa siyang matibay na patotoo na pwedeng maging daluyan ng pagpapala ang kahit sino, maliit man o malaki ang maiambag na tulong, pantay-pantay ang halaga nito sa sinumang taong pag-aalayan nito. Ikaw? Ano ang kwentong biyaya mo?**

# Sangkap NG MATATAG NA PAMILYA

NI **DINE YVE DAGANOS**

Hindi lang buto at katawan ng tao ang pinatitibay ng gatas ng kalabaw kundi pati na rin ang ugnayan ng isang pamilya.



**Sa ginawang Labor Force Survey ng Philippine Statistics Authority taong 2019, lumalabas na nasa 43.2 oras ang average na ginugugol ng mga Pilipino sa pagtatrabaho kada linggo o mahigit sa 6 na oras araw-araw. Sa ganitong eksena, hindi malayong mawalan ng "quality time" para sa pamilya ang isang karaniwang empleyado. Ganito ang dating katayuan ni Annalyn Tade, 45, ina ng dalawa, bilang real estate agent ng kilalang kompanya subali't binitawan niya ito kapalit ng buhay sa bukid kasama ang pamilya.**

### Itinadhana

Taong 2013 nang makabili si Annalyn ng kapirasong lupa sa Rosario, La Union. Dito sila nagbabakasyon ng kanyang asawang si Melvin, 46, tuwing weekends kasama ang dalawang lalaking anak na sina Tod at Iverson. Para may pagkaabalahan ay nagtatanim sila rito ng mais at palay na hanggang sa kalaunan ay naging lugar din kung saan sila nagsimulang mag-alaga ng kalabaw.

Pawang naggagatas ng kalabaw din ang mga kapitbahay ni Annalyn na siyang nakaengganyo sa kanya na sumuong din sa ganoong gawain. Noong 2018, natanggap ni Annalyn ang kanyang unang kalabaw mula sa DA-PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University (DMMMSU). Dahil galing ito sa dating may-ari na sumuko sa pag-aalaga, medyo maselan ang kondisyon nito nang dumating sa kanila. Nadagdagan pa ang isa na umabot sa 12 ang mga gatasang kalabaw na ipinagkatiwala kay Annalyn.

Hindi makatanggi si Annalyn dahil naaawa sa kondisyon ng mga kalabaw. Inalagaan at pinakain niya ng wasto ang mga ito hanggang mabawi nila ang kanilang lakas at sigla. Sa huli ay napamahal din at tuluyan nang kinupkop ni Annalyn ang mga kalabaw habang wala pang kumukuha sa kanila.

Ang dating libangan lang ay sineryoso na ni Annalyn. Nagpatayo siya ng kulungan at naglaan na rin siya ng lupa na tatamnan ng Napier grass at mais na ipapakain.

"Siguro itinadhana na madala sila rito. Iyon ang naisip ko kung bakit ako tumuloy sa pagkakalabaw," ani Annalyn.

Sa maikling panahon ay napabuntis ni Annalyn ng magkakasunod ang mga kalabaw sa pamamagitan ng artificial insemination (AI). Unang nanganak ang anim sa mga kalabaw at ngayong taon naman ay 10 na ang bagong panganak. Sa kasalukuyan ay nasa 17 ang inaalagaang kalabaw ng mga Tade.

### Career shift

Kung dati ay tila nakikipagkarera siya sa dating trabaho upang mas makarami ng kliyente, ngayon ay buong-lakas na ginugugol ni Annalyn ang kanyang kakayahan sa pagpapakain at paggagatas ng kalabaw kaysa makipagtagisan sa kapwa.

Mula 3-4 liters ay umaabot sa 6.5 liters ang nakukuhang gatas ni Annalyn sa bawa't kalabaw niya. Dahil walang sapat na storage house, pinamimigay na lamang ang sobra sa mga kapitbahay o 'di kaya'y dinadala sa barangay bilang ayuda sa mga residente lalo na noong kasagsagan ng pandemya.

Sa patuloy na pagdami ng nakukuhang gatas, nagpasya na si Annalyn na maghanap ng mas malawak na market. Ang mga kasapi ng Rosario Dairy Farmers Association ay kanyang hinimok para bumuo ng kooperatiba at kumita. Agad silang nag-apply ng mga kaukulang permit para mapadali ang

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA





**Sa maikling panahon ay napabuntis ni Annalyn ng magkakasunod ang mga kalabaw sa pamamagitan ng artificial insemination (AI). Unang nanganak ang anim sa mga kalabaw at ngayong taon naman ay 10 na ang bagong panganak. Sa kasalukuyan ay nasa 17 ang inaalagaang kalabaw ng mga Tade.**

pakikipagtulungan sa iba't ibang ahensya ng gobyerno katulad ng Department of Trade and Industry (DTI) at Food and Drugs Administration (FDA) na naging kaagapay sa matagumpay na pagpapatayo ng kooperatiba.

Ang Milk Feeding Program ng DepEd at DSWD ang nagsilbing pangunahing market ng binuong koop. Nitong nakaraang school year (2021-2022), kumita sila ng mahigit PHP4 milyon mula sa kontrata sa milk feeding.

'Di hamak na nakaangat na sa dating sinusweldo ang kinikita niya sa pagkakalabaw kaya't nagdesisyon si Annalyn na magbitiw bilang real estate agent at tanggapin ang trabaho bilang manager sa Rosario Dairy Farmers Cooperative.

"If you have been employed in a routinary job for many years, mapapagod ka at gusto mo ring magdahan-dahan muna," paliwanag ni Annalyn.

Ayon sa kanya, maayos naman ang pasahod sa dating trabaho. Dito ay nahasa rin siya sa pagiging madiskarte para makakuha ng maraming clients. Pero dahil masyadong competitive ang ganitong trabaho ay mataas din ang stress level.

Ibang-iba ito sa trabahong bukid na bukod sa masustansyang pagkain ay sariwa rin ang hanging lalanghapin mo araw-araw at walang masyadong pressure. Ang pinakamahalaga sa lahat, ani Annalyn, kasama mo araw-araw ang pamilya mo.

"Sobra kong naaappreciate ang buhay magsasaka. Farming is something that you can do as a family at sa akin iyon ang isang mahalaga. Kasama ko ang asawa ko at mga anak namin na kumukuha ng mga halamang ipapakain sa kalabaw. Masayang masaya na ako roon," pagkukwento ni Annalyn.

### Pinagbuklod ng pagkakalabaw

Noong una ay hindi natutuwa ang asawa ni Annalyn sa mga kalabaw dahil namiminsala ng mga pananim. Nababahala rin siyang makakasama ito sa kalusugan ng mga anak lalo na at may hika ang panganay nila.

"Noong nagastos ko na lahat ng savings ko, humihingi na ako sa asawa ko dahil wala na kaming pambayad ng kuryente o bigas, kaya minsan naiinis na siya sa akin pero eventually ay natuwa rin siya noong nagsimula na kaming maggatas. Napapasahod ko na rin ang mga kasama namin at nabibili namin ang mga pangangailangan sa bahay," pagkukwento ni Annalyn.

Dahil sa pagkakalabaw ay napapadalas na rin ang kwentuhan nilang pamilya. Aniya, laging paksa nila ang mga kalabaw na may kani-kanyang pangalan. Kahit pa nga nasa Benguet at abalang nagrereview at nag-aaral ang mga anak ay mga kalabaw pa rin ang madalas nilang paksa lalo na noong nag lockdown dahil sa COVID-19.

Kasalukuyang nagpapagawa ngayon si Annalyn ng mini resort sa tabi ng bukid bilang karagdagang mapagkukunan ng kita ng pamilya. Dagdag ito sa pagbebenta nila ng vermicompost na mula naman sa dumi ng mga kalabaw.

### Ang pagkakalabaw ay hindi para sa lahat

"May puhunang kaakibat ang pag-aalaga ng kalabaw. Nguni't mas malaki rito ang puhunang sipag at tiyaga," ani Annalyn.

"It's not for the poorest of the poor. Kung wala kang lupa na pagtatamnan ng maipapakain, you are bound to fail. Hindi sustainable kung palagi ka na lang aasa sa damo sa paligid. Maganda ang programa ng PCC pero dapat willing din na mag-invest ang farmer," paliwanag ni Annalyn.

"It would take at least 18 months pa bago kumita kasi papabuntisin mo at kailangan manganak muna bago ka kumita mula rito. Ang malaking advantage naman niya, once na nanganak ay araw-araw ang kita mula sa paggagatas, at sa susunod na 10 months ay steady na ang income mo," dagdag pa niya.

Hindi lingid sa kaalaman ng marami na malaki ang ginagampanan ng tahanan sa pagbuo ng karakter ng bawa't indibidwal. Para kay Annalyn, ang pagkakalabaw ang nagsisilbing tagapagbuklod ng kanilang pamilya bukod sa hatid nitong masaganang kita.

**"Bihira kasi na makahanap ka ng isang negosyo na pwede ninyong gawin na buong pamilya. Nag-bobonding na kayo and at the same time nagtatrabaho ng sama-sama. Sa akin iyon ang isang malaking non-monetary gain sa farming because as a family we accomplish things together and it makes me really happy and fulfilled," pagtatapos ni Annalyn.**



# Gulong
# NG KAPALARAN NG **NEFEDCCO**

NI **RONALINE CANUTE**
LARAWANG KUHA NI **DINE YVE DAGANOS**

***Kung minsan, ang takbo ng buhay mo***
***Pagdurusa nito'y walang hanggan***
***'Wag kang manimdim, ang buhay ay***
***Gulong ng palad, gulong ng palad…***



Ngayong taong kasalukuyan ay ipinagdiriwang ng Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives o NEFEDCCO sa Talavera, Nueva Ecija ang kanilang dalawang dekadang anibersaryo na tanda rin kung gaano katagal na silang nagsisilbing tagapagbuklod ng mga magsasakang maggagatas sa lalawigan.

Isinalaysay ng manager na si Janice Domingo kung paano umikot ang gulong ng kapalaran ng kanilang kooperatiba. Kung dati ay nasa ilalim ang pangkalahatang kalagayan ng NEFEDCCO, ngayon ay nasa ibabaw na ito—katulad ng sa kantang Gulong ng Palad ni Eugene Villaluz.

Nagsimula ang dairy business ng NEFEDCCO noong January 18, 2002. Tagakolekta lang sila noon ng gatas ng kalabaw sa mga dairy farmers na dinadala sa kalapit na bayan.

Taong 2012, mas lalo pang gumanda ang kanilang kita nang mapasama sila sa milk feeding na pinondohan mula sa Priority Development Assistance Fund (PDAF). Naging maganda ang takbo ng kanilang kalagayan hanggang sa inabolish na ang PDAF. Ang gulong ng kapalaran, umikot uli pailalim.

***Kung minsan, ang takbo ng buhay mo***

***Pagdurusa nito'y walang hanggan…***

Natigil ang milk feeding! Saan na dadalhin ang mga gatas? Paano mababayaran ang mga farmers? Ito na kaya ang pagwawakas ng kanilang kwento?

Nabulok ang mga gatas dahil hindi naman nila ito maibebenta agad at kung meron mang bibili ay kakaunti lang o 'di kaya ay malulugi rin sila sa delivery lalo na at ang karamihan sa mga customer nila ay nasa malalayong probinsya katulad ng Batangas. Ang masakit pa nito ay nagkautang-utang na sila sa mga farmers dahil wala na silang maipambayad sa nakolektang gatas. Dahil sa kinahinatnan, marami ang umiwan sa NEFEDCCO.

Maging ang mga empleyado ay apektado dahil sa loob ng isang taon ay hindi sila sumahod. Nguni't sa kabila ng hamong ito ay ni isa sa kanilang empleyado ay walang umalis o bumitaw.





"Hindi kami umalis kasi inisip namin na kakayanin pa. May tatanggalin pa noon pero naisip ko, "kung tatanggalin siya, bawasan na lang ako ng pasok para yung sasahurin niya ibabawas sa akin. Kasi napamahal na sa akin ang tao at ang federation," pagbabahagi ni Janice.

"Umiiyak sila kapag kinakausap namin na pwede naman silang humanap ng ibang trabaho pero pinili pa rin nila dito kahit na may ibang employers na kumukuha sa kanila,"pagpapatuloy niya.

Si Janice kasama ang lahat ng nanatili sa koop ay nanatiling matatag at kapit-bisig na sinuong ang lahat ng dumating na pagsubok. Pakonti-konti pa rin silang nangongolekta ng gatas at kung may maibenta man ay hinahati nila ito sa mga empleyado.

Maluha-luha ring ikinwento ni Imelda Francisco, kasalukuyang production head at 19 na taon nang naninilbihan sa NEFEDCCO ang kanyang naging karanasan. Aniya, iyon daw ang pinakamalalang pagsubok na kanyang nasaksihan simula nang magtrabaho siya sa koop.

"Nagtiis kami talaga kahit pabale-bale lang. Ang laging nasa isip namin: "Paano kaya kami makakatulong sa mga farmers. Pero naniniwala akong may awa ang Diyos, makakaahon din kami," ani Janice.

***Ang pag-ikot ng gulong***

***Ang Maykapal, marunong tumingin***

***Sa taong naghirap at nasawi***

***Bawa't isang gabi ay mayroong***

***Isang umaga, isang umaga…***

Nagsimula ang pag-ahon ng koop nang matulungan silang mailapit ng DA-PCC sa Philippine Credit Coop Federation kung saan sila ay napahiraman ng PHP3 milyon para magamit sa milk feeding. Kanila itong pinaikot nang pinaikot kaya mula sa PHP8 milyong asset ay tumataginting na PHP28 milyon na ito ngayon.

Sa dami ng kanilang sinusupplyan sa milk feeding katulad ng Zambales, Bataan, at Pampanga ay kailangan pa nilang mag-hire ng 200 workers na magtatrabaho araw at gabi para matapos nila ang target na 50,000 sachets ng gatas. Ang kita nila sa isang probinsya pa lang katulad ng Zambales ay aabot na sa PHP12 milyon.

Nabayaran nila ang utang sa mga kasapi at empleyado at may pa-Christmas bonus pa.

Nagpatayo rin sila ng sarili nilang bakery para sa produksyon ng Kara Bun, loaf bread, at cake.

Sikat din sa kanilang lugar ang dalawang rolling store na umiikot mula umaga hanggang hapon. Inilalako sa mga ito ang mga produkto ng kanilang bakery na patok na patok sa mga Novo Ecijano.

Bilang pasasalamat sa Diyos ay nagbabahagi sila ng tulong sa mga nangangailangan. Noong kasagsagan ng pandemya ay nagbigay sila ng gatas sa mga frontliners, sa simbahan, at sa mga karatig barangay.

Upang hindi na maulit ang kanilang naging karanasan, ibinahagi ni Janice na sila ay nag-iinvest para kahit mahinto man ang milk feeding ay hindi sila mapipilayan. Plano rin nilang bumili ng lote, bagong building, communal facility, at retort machine para maraming dairy farmers ang kanilang matulungan.

> **"Darating ang araw kaming mga empleyado ay mawawala. Kaya't ang lahat ng aming ginagawa ay hindi para sa amin. Para ito sa mga farmers," pagwawakas ni Janice.** Ⓚ



# Bayanihan ng isang pamilya sa Cadiz City

NI **MA. CECILIA IRANG-MARIANO**
LARAWANG KUHA NI **ROWENA BUMANLAG**



Mahimbing pang natutulog ang buong bayan ng Cadiz at malayo pa ang hudyat ng araw para sa pagtilaok ng manok nguni't sa bakuran ng pamilya Badie, maliksi na ang bawa't miyembro at masigla na ang gawaing pagkakalabawan.

Pagsapit ng alas kwatro y medya ng madaling araw, abala na ang bawa't miyembro ng pamilya ni Corazon Badie, 52, ng Cadiz City, Negros Occidental sa pagganap ng kani-kanilang mga toka sa pag-aalaga ng kalabaw.

"Walang mahirap na gawain sa pamilyang nagkakaisa at nagtutulungan," patotoo ni Corazon habang ibinabahagi na ang solidong suportang natatanggap niya mula sa kanyang pamilya ang dahilan sa pagkakapanalo niya bilang Outstanding Dairy Buffalo Farmer sa ilalim ng kategoryang Family Module ng DA-PCC noong nakaraang taon. Ito'y sa kabila ng pagiging bagito niya sa larangan ng negosyong pagkakalabawan.

Gumagaan, aniya, ang gawain sa pagkakalabaw dahil sa kanilang pagtutulungan. Ang asawa niyang si Danilo, 64, ang katuwang niya sa pamamahala at pagpapakain sa mga kalabaw habang si Corazon ang nagpapainom at naglilinis ng kulungan at labangan ng mga ito.

Ang kanyang pangatlo at panlimang anak na sina Agustin, 26, at Daryl, 21, ang nagpapaligo at katuwang nilang mag-asawa sa paggagatas ng mga alagang kalabaw. Si June Mar, 23, ang pang-apat na anak naman ang artificial insemination technician na tumututok sa pagpapalahi at nagsusuga sa mga alaga upang manginain ng sariwang damo. Ang bunsong si Pamela, 18, ang naghuhugas ng mga sisidlan ng gatas at katulong ni Corazon sa paglilinis ng kulungan.

Samantala, ang panganay at pangalawang anak na sina Karen, 30, at Cristy Jane, 29, ay may mga asawa na pero ayon kay Corazon, ang anim na taong gulang niyang apong si Jhon Nathan (anak ni Cristy) ay magiliw ding umaasiste sa tiyuhin niyang si June Mar sa pagpapastol at pagtatali ng kalabaw.

"Mapalad ako na bukal sa puso nilang ginagampanan ang mga tungkulin nila sa pag-aalaga kasi nakikita nila na talagang malaki ang tulong sa amin ng negosyong ito," ani Corazon.



> **"Malaki ang ipinagbago ng buhay namin dahil sa tulong ng kita sa gatas ng kalabaw. Iyong bahay namin na dati ay kawayan lang ang pundasyon ngayon ay bakal na at napalagyan na namin ng bubong. Nakapagpaaral kami ng anim na anak at nasusustentuhan ang aming mga pangunahing pangangailangan."**
>
> **CORAZON BADIE**
> Carapreneur
> Cadiz City,
> Negros Occidental



Aniya pa, maaga silang gumigising para mas maraming matapos na trabaho at walang masayang na oras.

Maituturing na kabilang sa "4am club" ang pamilya Badie na ayon sa business support platform na Rovva ay ang mga taong gumigising ng maaga o 4 a.m. na karaniwang mas nagiging produktibo, episyente, at nagtatagumpay dahil mas marami silang nagagawa nang walang gaanong abala.

**Napalagong kalabawan**

Nagsimula ang lakbayin ni Corazon sa paggagatasan noong 2016 nang mapili siya bilang isa sa mga benepisyaryo ng Dairy Buffalo Livelihood Project sa ilalim ng Sustainable Livelihood Program ng Department of Social Welfare and Development (DSWD-SLP).

Matapos ang masinsinang pagsusuri sa kanyang kakayahan at kahandaan sa proyekto, pinagkalooban siya ng walong crossbred na kalabaw bilang panimula. Masigasig siyang sumali sa iba't ibang pagsasanay na isinagawa ng DA-PCC sa La Carlota Stock Farm para mas mapaunlad pa ang kaalaman at kapasidad niya sa pag-aalaga.

"Nagpapasalamat ako sa DA-PCC kasi tinulungan nila kaming makahanap ng pagbebentahan ng gatas lalo na noong nagsisimula pa lang kami," kwento ni Corazon.

Dagdag niya, maliban sa tulong sa pagmamarket ng gatas, nagkaloob din ang DA-PCC ng freezer kay Corazon para masiguro ang kalidad ng gatas.

Para kay Corazon, "die hard" siya sa pag-aalaga ng kalabaw kaya ganoon na lamang kasidhi ang dedikasyon at pagpupursigi niyang maparami at mapabuti ang kalagayan ng kanilang mga alaga.

Sa kasalukuyan, umabot na sa 22 ang kanilang mga alagang kalabaw. Sa bilang na ito, siyam ang buntis, isa ang bulugan, at tatlo ang

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA


CONVERSE
Chuck Taylor
ALL STAR
NEW YORK



kasalukuyang ginagatasan na nagbibigay ng siyam na litro araw-araw. Ipinagbibili naman ito ni Corazon sa halagang PHP90 kada litro sa Silay at Victorias.

Kwento niya, mahigit isang oras ang binabiyahe nila ni June Mar sa pagdedeliver ng gatas gamit ang motor na naipundar nila. Bako-bako man ang daan na binabaybay nila, hindi nila ito, aniya, alintana dahil sa laki ng kikitain nila.

"Nasa 60 litro ng gatas ang idinedeliver namin kada linggo at kumikita kami ng PHP5,400. Kaya hindi namin nararamdaman ang hirap kundi saya lang," wika ni Corazon.

Pagbabalik tanaw ni Corazon, hindi niya kayang kitain ang ganoong halaga sa trabaho niya noon sa tubuhan. Sa kabila, aniya, ng labis na pagod at hirap sa trabaho niya noon kahit pa sa katirikan ng araw ay PHP900 lang ang kinikita niya sa isang linggo.

"Malaki ang ipinagbago ng buhay namin dahil sa tulong ng kita sa gatas ng kalabaw. Iyong bahay namin na dati ay kawayan lang ang pundasyon ngayon ay bakal na at napalagyan na namin ng bubong. Nakapagpaaral kami ng anim na anak at nasusustentuhan ang aming mga pangunahing pangangailangan," pagmamalaki ni Corazon.

Maliban sa gatas, kumikita rin ang pamilya Badie sa pagbebenta ng dumi ng kalabaw bilang pataba sa halagang PHP200 kada sako.

Ang ibang mga kalabaw ay ipinapaalaga rin ni Corazon sa ibang mga miyembro ng Magsaysay Integrated Livelihood for Economic Sufficiency kung saan siya ay presidente.

Dahil sa benepisyong hatid ng naturang kabuhayan sa pamilya Badie, nahimok ang ilang residente na pumalaot na rin sa negosyong gatasan.



**"Nasa 60 litro ng gatas ang idinedeliver namin kada linggo at kumikita kami ng PHP5,400. Kaya hindi namin nararamdaman ang hirap kundi saya lang," wika ni Corazon.**

**Ang disposisyon ng pamilya Badie ay nagpapatunay na magtatapos sa masaganang hapunan ang araw ng pamilyang sama-samang bumabangon upang magsikhay sa buhay.** Ⓚ

# Sipag at tiyaga ng Batang carapreneur

NI **RONALINE CANUTE**
LARAWANG KUHA NI **DINE YVE DAGANOS**



Si Juan Tamad ang klasik na talinghaga tungkol sa katamaran at kung paanong walang mararating ang isang taong hihilata lang sa harap ng isang oportunidad.

Malayo sa ugaling Juan Tamad ang ginawang pagpapalaki ni Jeanette Estocapio sa kanyang anak na si Julius na iminulat niya sa realidad ng buhay sa murang edad.

Sa bayan ng Naguilian sa La Union ay matatagpuan ang anim na ektaryang bukirin na nagsisilbing tahanan ng mga kalabaw at baka. Sino ba ang mag-aakala na ang nangangasiwa sa lupaing ito na tila isang munting paraiso ay isang 17 taong gulang na binatilyo?

Sa abot ng kanyang tanaw kung nasaan ang mga alagang kalabaw, siya ang hari--ang sumbrerong pambukid ang kanyang korona at ang bakal na pandakot ang kanyang setro. Ito ang kahariang masigasig niyang pinagyayaman araw-araw.

Kung dati ay sanay siyang magkulong lang sa kwarto, magcomputer, at magcellphone, ibang bersyon ng Julius na ngayon ang nakikita ng kanyang mga magulang.

"Noong bata siya, pahiga-higa lang ang kanyang ginagawa. Pero nang tumuntong siya ng third year high school, nagulat na lang ako na ang laki ng kanyang ipinagbago", sabi ni Jeanette.

Noong kasagsagan ng pandemya, nagtrabaho siya sa palengke bilang

katulong ng kanyang nanay kung saan naranasan niyang maging tindero, kargador, at delivery boy.

Makalipas ang 10 buwan, ipinadala naman siya sa bukid para doon ay pamahalaan ang mga alagang hayop ng pamilya. ‘Di niya namalayan ang mabilis na paglipas ng dalawang taon dahil nagustuhan na rin niya ang gawaing bukid.

Mga alagang baka ng kanyang lolo ang unang ipinaalaga sa kanya. Nang lumaon, bumili ng mga kalabaw na mula pa sa Nueva Ecija ang kanyang lola.

“Mapapayat ang mga nabili ni lola noon. Naisip ko na parang walang pag-asang lulusog pa ang kanilang mga katawan,” naaalala pa ni Julius.

Dahil sa kanyang pagpupursigi na mapabuti ang kalusugan ng mga alaga, napaganda at napataba niya ang mga ito. Nguni’t nang manganak na ang mga inahin, ang kakarampot na nakukuhang gatas ang sumunod niyang naging hamon.

“Nagpatuloy lang ako at hinabaan ko ang aking pasensya. Inisip ko na kakasimula ko lang kaya ganoon. Hindi naglaon, dumami rin ang nakukuha naming gatas,” ani Julius.

Umabot sa 57 litro ang pinakamataas na nakuha nilang gatas sa isang araw na naibenta nila ng PHP75-80 pesos kada litro. Mga kooperatiba ang ilan sa mga naging regular niyang customer. Dinadala naman sa pwesto ng nanay niya sa palengke ang mga natitirang gatas na doon ay mabilis na nabibili.

Natutuwa maging ang kanyang Lola Consolacion sa biyayang handog sa kanila ng mga gatasang kalabaw dahil bukod sa kumikita sila sa gatas, maaari rin nilang ibenta ang mga bulong lalake.

Kapag panahon naman ng anihan ng palay sa kanilang lugar, nakikiani siya sa bukirin ng mga kapwa magsasaka na nagbibigay sa kanya ng karagdagang kita na 50-60 sako ng palay.



**“Sa araw-araw na pamamalagi ko rito sa farm, nakita ko kung ano ang gusto kong maging sa buhay at iyon ay ang maging isang Doctor of Veterinary Medicine.”**

**JULIUS ESTOCAPIO**
Young Carapreneur
Naguilian, La Union

“Kung noon lagi ko siyang pinapagalitan dahil nakahilata lang, ngayon naaawa na ako dahil sobrang tutok siya sa kanyang trabaho. Ako pa mismo ang nagsasabing magpahinga muna,” may pagmamalaking pahayag ni Jeanette.

**Nag-aalab na pangarap**

Dahil unti-unti nang bumabalik sa normal ang sitwasyon sa buong mundo makalipas ang dinanas na pandemya, face to face na ulit ang mga estudyante sa kanilang mga klase. Sa kabila ng panibagong hamon, hindi mapipigilan si Julius na makamit ang kanyang mga pangarap. Diskarte ang puhunan niya para mabalanse ang pagnenegosyo at pag-aaral.

Sa hapon ang iskedyul ng klase ni Julius. Kaya’t inagahan niya ang oras ng paggagatas mula alas-diyes sa alas-singko.

Ayon kay Jeanette, masipag talagang mag-aral ang anak simula noong bata pa ito. Noon, aniya, nakikita niyang nakatingala sa langit si Julius sa tuwing may dadaan na eroplano at nangangarap na darating ang isang araw na siya mismo ang magpapalipad ng eroplano nguni’t nabago ito noong siya ay sumabak sa buhay pagkakalabawan.

Ngayong malapit na siyang magtapos ng senior high school, napagtanto niyang hindi pala pagiging piloto ang kanyang calling sa buhay kundi ang maging isang duktor ng mga hayop.

“Sa araw-araw na pamamalagi ko dito sa farm, nakita ko kung ano ang gusto kong maging sa buhay at iyon ay ang maging isang Doctor of Veterinary Medicine”.

Maliban sa pagiging isang masipag na anak, isa rin siyang mabait na tagapamahala sa kanyang mga tauhan. Hindi siya ang tipo ng boss na nag-uutos lang kundi hands-on din siyang gumagawa para matapos kaagad ang mga gawain.

Ganitong mabuting asal ang ikinintal sa kanya ng lola at mga magulang simula pagkabata.

**“Sabi nila, kung anong klaseng hirap ang naranasan mo noon, huwag mong iparanas sa anak mo. Pero para sa akin, kailangan niyang matikman ang hirap para matuto siya. Kasi nagsimula kami sa wala rin,” ani Jeanette.**

**Sa nakikita niya ngayon, nagbunga ang kanyang tamang pagpapalaki sa anak na si Julius.** Ⓚ



I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Gene Pool.

**DA-PCC K-PORTAL**

Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.

**DA-PCC VIRTUAL TOUR**

Maaari na ring bisitahin ang aming National Headquarters at Gene Pool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.




## BULL ENTRUSTMENT PROGRAM

Purebred dairy-type bulls are loaned out to qualified farmers for natural mating with native or crossbred carabaos in areas where AI services are not available.

## TRAINING AND TECHNICAL ASSISTANCE

Trainings on animal reproduction, animal nutrition, animal health, forage production, cooperative development, dairy production and processing and marketing are provided to farmers and the agency's partner-implementers.

## COMMUNITY DEVELOPMENT

The agency takes premium in ensuring the mobility of the social medium, the cooperatives, assisting in organizational strengthening and in enterprise development.

## FROZEN BUFFALO SEMEN DISTRIBUTION

Selected bulls undergo performance and progeny testing and these are processed at the PCC Semen Laboratory.

Frozen semen are made available nationwide through a systematized semen distribution system linked with AI technicians, cooperatives, DA-RFUs and LGUs.

## PRODUCTION OF QUALITY FEEDING STOCKS

Out of the institutional herds of purebred buffaloes, breeding stocks are produced and are made available to interested farmers at production cost. This would ensure that, other than superior breeds accessible either by the semen used in AI or bulls for natural mating, breeder female dairy stocks of good quality are also available.

## LABORATORY SERVICES

Committed to a continued full support to its clients, laboratory services are provided including analysis of feed and milk samples, and animal health-related tests.

## ARTIFICIAL INSEMINATION (AI)

Rendered nationwide in villages by trained private village-based AI technicians (VBAITs) as well as technicians of local government units and PCC, AI is used to produce animals with better productivity for milk and meat through sustained backcrossing to at least four generations, without disregard for draft power through harnessing superior genetic materials of riverine buffalo breed.